



ALAMIN ANG PAGKAKAIBA: CRISIS PREGNANCY CENTERS (MGA SENTRO NG KRISIS SA PAGBUBUNTIS) V. MGA PASILIDAD NG REPRODUCTIVE HEALTHCARE (PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN SA PAG-AANAK)

BABALA: HINDI NAGBIBIGAY ANG CRISIS PREGNANCY CENTERS (CPC) NG KUMPREHENSIBONG REPRODUCTIVE HEALTHCARE.

- Mga organisasyon ang mga CPC na dini-discourage ang mga taong nakakaranas ng hindi sinasadyang pagbubuntis sa pag-access ng pangangalaga sa pagpapalaglag.
- Madalas inaanunsyo ng mga CPC ang buong hanay ng mga serbisyo sa reproductive healthcare, ngunit **hindi** sila nagbibigay ng serbisyong pagpapalaglag o reperal sa pagpapalaglag, at kadalasang hindi nagbibigay ng kontrol sa panganganak o iba pang anyo ng kontraseptibo.

KUNG NILALAYON MONG MAINTINDIHAN ANG MGA OPSYON MO SA PAGPAPALAGLAG, MAGKARON NG KAMALAYAN SA MGA LIMITASYON NG IMPORMASYON AT PANGANGALAGA NA IBINIBIGAY NG CPC.

- Hindi lisensyadong mga medikal na klinika ang ilang CPC.
 - May karapatan kang alamin kung lisensyadong medikal na klinika ang pasilidad at kung isasagawa ng pasilidad o ire-refer ka para sa pagpapalaglag *bago* ka pumunta sa klinika.
 - Hindi kinakailangang panatilihing pribado ng hindi lisensyadong mga CPC na may kawaning hindi-medikal ang iyong medikal na mga rekord.
- Nag-aalok ang ilang CPC ng mga ultrasound kahit na maaaring wala silang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na kawani o sa site.
 - Tanging ang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, tulad ng doktor, nars, espesyalista sa ultrasound ang tumpak na makakapagsabi sa iyo kung ilang linggo ka nang buntis.

SASALIKSIKIN AT TATANUNGIN MO BA ANG TAMANG MGA TANONG BAGO PUMUNTA SA KLINIKA NG PAGBUBUNTIS PARA ALAMIN ANG TUNGKOL SA MGA OPSYON MO SA PAGPAPALAGLAG.

- Online na saliksikin ang klinika, o tawagan ang klinika, bago kumuha ng appointment. Nagbibigay kung minsan ang mga pagsusuri sa online ng impormasyon tungkol sa naunang mga karanasan ng pasyente na maaaring makatulong.
- Kapag nagsasaliksik ng klinika, kabilang sa mga maaari mong itanong ang:
 - Lisensyado ba ang pasilidad? Kung oo, anong uri ng lisensya?
 - Titingnan ka ba ng lisensyadong provider? Kung oo, anong uri ng lisensyadong provider (nars, doktor, atbp.)?

- o Nagsasagawa ba o nagre-refer ng mga tao para sa pagpapalaglag ang pasilidad?
- o Magkano ang gastos sa pagbisita? Tumatanggap ba ang klinika ng seguro?
- o Pananatilihin ba ng klinika na kumpidensyal ang impormasyon mo at hindi isisiwalat ang iyong pagbisita sa sinuman?
- Kung hindi magbigay ang klinika ng maliwanag na sagot sa mga tanong mo, isaalang-alang ang pagpunta sa ibang klinika.
- Maging maingat sa mga klinika na sinusubukang antalahin ang mga appointment mo. Kung isinasaalang-alang mo o gustong magpalaglag, mahalaga ang tamang tiyempo.
- Makipag-ugnayan sa mga programa na tutulong sa iyong maghanap ng provider na tutugon sa mga kinakailangan mo:
 - o Iniuugnay ng [ACCESS Reproductive Justice](#) (Katarungan sa Pag-aanak ng ACCESS) ang mga tao sa libre at mababang-gastos na mga programa na magbabayad para sa reproductive healthcare para sa mga tao na nakatira sa, naglalakbay patungo sa, o naglalakbay mula sa California para magpalaglag sa labas ng estado.
 - o Nagbibigay ang [Women’s Reproductive Rights Assistance Project](#) (Proyektong Tulong sa mga Karapatan sa Pag-aanak ng mga Kababaihan) ng direkta at logistical na suporta, tulong sa transportasyon, pag-navigate sa appointment na pagpapalaglag, at iba pang mapagkukunan.
 - o Pinapanatili ng [National Abortion Federation](#) (Pambansang Pederasyon sa Aborsiyon) ang listahan ng mga provider ng pagpapalaglag.
 - o Para ma-access ang karagdagang mga serbisyo, maghanap ng Title X na klinika sa pagpapalaglag ng pamilya na malapit sa iyo. Mga pasilidad na pinondohan ng estado at pederal ang mga klinika sa pagpapalaglag ng pamilya na Title X na nagbibigay ng access sa malawak na saklaw sa pagpapalaglag ng pamilya at mga serbisyong pangkalusugan na pag-iwas sa sakit, tulad ng kontraseptibo, pagsusuri sa pagbubuntis, pagsusuri sa sakit na naipapasa sa pakikipagtalik, pag-screen ng kanser sa suso at cervix, hindi alintana ang kakayahan mong magbayad. Maghanap ng Title X na klinikang malapit sa iyo sa <https://opa-fpclinicdb.hhs.gov/>.
- Pagdating mo sa appointment mo, siguruhin na nasa tama kang klinika. Matatagpuan kung minsan ang mga CPC malapit sa klinika ng reproductive healthcare na nagbibigay ng pangangalaga sa pagpapalaglag.

Kung naniniwala ka na naging biktima o target ka ng mapanlinlang, nakapagliligaw, hindi patas, o labag sa batas na pag-uugali, mangyaring maghain kaagad ng reklamo sa www.oag.ca.gov/report.

Inilabas ng Seksyon ng Healthcare Rights and Access (HRA) ng Kagawaran ng Katarungan ng California ang paunawa na ito. Maagap na nagtatrabaho ang HRA para itaas at protektahan ang pagiging abot-kaya, pagiging naa-access, at kalidad ng pangangalagang pangkalusugan sa California. Sinusubaybayan at nag-aambag ang mga abugado ng HRA sa iba’t ibang larangan ng trabaho sa pangangalagang pangkalusugan ng Abugado Heneral, kabilang ang mga karapatan ng mamimili; laban sa kumpetisyong pag-consolidate sa merkado ng pangangalagang pangkalusugan; laban sa kumpetisyong pagpepresyo ng gamot; nonprofit na mga transaksyon sa pangangalagang pangkalusugan; mga isyu sa pagkapribado; mga karapatang sibil, tulad ng pagkakapantay-pantay ng lahi at diskriminasyon sa pangangalagang pangkalusugan; mga karapatan sa pag-aanak at mga karapatang nauugnay sa pangangalagang pangkalusugan ng LGBTQ; at trabaho sa kalusugan ng publiko na may kaugnayan sa tabako, mga e-cigarette, at iba pang produkto.